# NOTEBOOK PARA SA PANGKALAHATANG KUMPERENSYA

**PARATING NA** ANG KUMPERENSYA!

PANAHON NA PARA PALAKASIN ANG IYONG PATOTOO, MAS MAPALAPIT KAY JESUCRISTO, AT TUMANGGAP NG PERSONAL NA PAGHAHAYAG.

"Ipinagdasal ko rin na maging oras ng espirituwal na pagpapalakas ang kumperensyang ito para sa bawat isa sa inyo. . . . Nawa'y maging oras ng kapayapaan at espirituwal na piging ang kumperensyang ito para sa inyo. Nawa'y makahanap at makatanggap kayo ng personal na paghahayag sa mga sesyong ito."

*Pangulong Russell M. Nelson*[1]

# MAGTANONG,

"Sa dalisay na paghahayag para sa mga katanungan ng inyong puso, ang kumperensyang ito ay magiging tunay na nakalulugod at di-malilimutan."

*Pangulong Russell M. Nelson*[2]

## AT PAGKATAPOS AY MAKINIG

Mayroon ka bang mga tanong o alalahanin sa iyong isipan ngayon? Nag-aalala ka siguro tungkol sa paghahanap ng mabubuting kaibigan na magpapasigla at maghihikayat sa iyo. Baka iniisip mo kung paano mo mapag-iibayo ang pagpapahalaga mo sa sarili o maalala ang iyong banal na pagkatao. Sinisikap mo sigurong magpasiya kung saang unibersidad ka mag-eenrol. O baka nag-aalala ka lang sa pangkalahatan tungkol sa hinaharap, dahil sa napakaraming pagtatalo at galit sa mundo.



# ANO ANG NASA ISIP MO?

Marami ka pang matututuhan sa pangkalahatang kumperensya kung ang iyong mga tanong at alalahanin ay nasa iyong isipan pa rin. Tutulungan ka ng Panginoon na matagpuan ang mga sagot kapag bukas ang puso mo at nakikinig ka sa Kanyang mga lingkod.

Mga Tanong:

Mga Sagot:

"Ang Diyos ay talagang tutupad sa Kanyang mga tipan at pangako sa bawat isa sa atin. Wala tayong dapat ipag-alala tungkol diyan. . . . Ginagawa natin ang lahat ng ating makakaya ngunit dapat nating ipaubaya sa Kanya ang pamamahala [sa] mga pagpapala, kapwa temporal at espirituwal."

*Elder D. Todd Christofferson*[3]

# PAGKATUTO SA PAMAMAGITAN NG MGA TEMA

May nakita ka bang anumang mga tema sa mga mensaheng narinig mo? Mayroon bang anuman na mahalaga para sa iyo ngayon?

Mga Tema:

Ang Ibig Sabihin Nito sa Akin:



**HINDI MAHILIG MAGSULAT?**

Walang nagsabi na kailangan mong isulat ang iyong mga tala sa kumperensya. Sa halip ay maaari mong idrowing ang iyong mga tala, kung mas nakakatulong iyon sa iyo na mas maunawaan ang iyong mga ideya. Gawin kung ano ang umuubra para sa iyo!

# ANG AKING DAMDAMIN AT MGA IMPRESYON

"Sa dalawang salitang iyon—'Pakinggan Siya'—binibigyan tayo ng Diyos ng huwaran para sa tagumpay, kaligayahan, at kagalakan sa buhay na ito. Dapat nating *pakinggan* ang mga salita ng Panginoon, *[dinggin]* ang mga ito, at *[sundin]* ang sinabi Niya sa atin!"

*Pangulong Russell M. Nelson*[4]

**PABORITONG MENSAHE**

Mayroon ka bang paboritong mensaheng narinig mo sa kumperensyang ito? Isiping isulat ang pangalan ng tagapagsalita, tungkol saan ang mensahe, at kung bakit gustung-gusto mo iyon.

# ORAS NG PAGNINILAY

Kapag tapos na ang kumperensya, oras na para gawin ang mga bagay na narinig at nadama mo. Narito ang ilang ideya para makapagsimula ka:

- ◯ Ano ang isang bagay na maaari kong pagtuunan habang sumusulong ako?
- ◯ Mayroon bang anumang bagay sa buhay ko na kailangan kong baguhin?
- ◯ Paano ko mapapalakas ang aking patotoo tungkol sa mga buhay na propeta?
- ◯ Paano lalago ang pagmamahal ko sa Tagapagligtas?
- ◯ May mga bagay ba akong magagawa para mas marinig Siya sa aking pang-araw-araw na buhay?
- ◯ Iba pang mga tanong mo:

"Oo, dapat tayong matuto mula sa nakaraan, at oo, dapat tayong maghanda para sa hinaharap. Pero tanging *ngayon* lang tayo makakakilos. *Ngayon* ang panahon para matuto tayo. *Ngayon* ang panahon para makapagsisi tayo. *Ngayon* ang panahon para mapagpala natin ang iba."

*Pangulong Russell M. Nelson*[5]

**KAILANGAN PA NG KARAGDAGANG MGA KOPYA?**

I-download at i-print ang notebook na ito sa **conference.ChurchofJesusChrist.org**.

**MGA TALA**


1. Russell M. Nelson, "Pangangaral ng Ebanghelyo ng Kapayapaan," pangkalahatang kumperensya ng Abr. 2022 (*Liahona*, Mayo 2022, 6–7).
2. Russell M. Nelson, "Dalisay na Katotohanan, Dalisay na Doktrina, at Dalisay na Paghahayag," pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2021 (*Liahona*, Nob. 2021, 6).
3. D. Todd Christofferson, pangkalahatang kumperensya ng Abr. 2022 (*Liahona*, Mayo 2022, 78).
4. Russell M. Nelson, "Pakinggan Siya," pangkalahatang kumperensya ng Abr. 2020 (*Ensign* o *Liahona*, Mayo 2020, 89).
5. Russell M. Nelson, "Panahon na," pangkalahatang kumperensya ng Abr. 2022 (*Liahona*, Mayo 2022, 126).



© 2023 by Intellectual Reserve, Inc.
All rights reserved.

ANG PAHINTULOT NA MULING I-PRINT ANG BUKLET NA ITO AY IPINAGKALOOB PARA SA PERSONAL AT DI-PANGKALAKAL NA PAGGAMIT. KABILANG DITO ANG PAHINTULOT SA MGA LIDER NG WARD NA MAG-PRINT NG ILANG KOPYA PARA SA MGA PINAGLILINGKURAN NILA SA KAPASIDAD NG KANILANG MGA TUNGKULIN. KAILANGANG I-PRINT NANG BUO ANG MGA BUKLET. HINDI KASAMA RITO ANG PAHINTULOT NA I-POST ONLINE, GAMITIN PARA SA IBANG LAYUNIN, O IPAMAHAGI ANG MATERYAL NA ITO. ANUMANG KARAGDAGANG PAGGAMIT NG MATERYAL NA ITO AY KAILANGAN NG PAHINTULOT.

**permissions.ChurchofJesusChrist.org**


ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW